

KRISTO: KAKAMPI KO!



LAKAS AT PAG-ASA NG MGA MAHIHIRAP

I. PANIMULA

A. Paksa : **KRISTO: KAKAMPI KO!**
Lakas at Pag-asa ng mga Mahihirap

B. Uri ng Gawain : Katesismo tungkol kay Hesus bilang Tagapagpalaya ng mga mahihirap habang isinasagawa ang Pamaskong Handog

C. Makikilahok : Limampung magulang mula sa parokya na makikilahok sa “Gift giving” tuwing Pasko

D. Kalagayan

Isinasaad ng Vatican II na ang paaralan ay hindi lamang nagpapahalaga sa paghubog ng kaisipan ng mga mag-aaral bagkus layunin din nito na makilahok sa mga gawaing pangpamayanan upang mapaunlad ang kultura, pamumuhay, at buhay-espiritwal ng mga mamamayan (*Gravissimus Educationis* # 5). Isang paraan ng pagsasakatuparan nito ay ang mga ginagawang “outreach programs” ng mga Katolikong paaralan para sa mga mag-aaral sa pampublikong paaralan. Subalit ang ganitong paraan ay hindi sapat para matugunan ang pangangailangan ng tao sapagkat mahalagang pagtuunan rin ng pansin ang kanilang kamalayan sa mas malalim na kahulugan ng kanilang pagiging tao.

Kaugnay nito, ang pagbibigay ng katesismo sa mga makikilahok sa pamaskong-handog ay makakatulong upang maipaunawa sa kanila ang tunay na kahulugan ng buhay na binigyang kaganapan ng pagparito ni Kristo.

Ang pagsasakatuparan nito ay magmumula sa pagsusumikap ng buong komunidad ng paaralan at ng parokyang kinabibilangan nito. Ang mga guro ay siyang magbibigay ng katesismo, samantalang ang

mga mag-aaral at iba pang empleyado ng paaralan ang maghahanda ng mga pamaskong handog na ipamimigay sa mga magulang mula sa mahirap na pamilya. Gaganapin ang gawaing ito sa parokya.

E. Suliranin

Ang panahon ng Kapaskuhan ay ang pinakahihintay ng maraming Pilipino dahil sa diwa ng pagmamahalan at pagbabahaginan. Subalit ilan sa atin, kulang ang pang-unawa sa tunay na kahulugan ng Pasko na si Hesus ay nagparito sa lupa upang magbigay ng kaganapan ng buhay.

Sa mga naghihirap, ang pagtanggap ng tulong mula sa kapwa ay malaking bagay na upang madama ang kaganapan ng buhay dito sa lupa. Subalit ilan sa kanila ay umaasa na lamang sa kung ano ang ibibigay ng iba at hindi na nagsusumikap pa upang maiangat ang kanilang pamumuhay.

F. Mga Layunin

Ang materyal na ito ay naisaayos upang matulungan ang mga magulang na maunawaan na:

KATOTOHANAN: si Hesus ay isinugo ng Ama upang palayain ang mga tao sa kasalanan na pinag-uugatan ng kanilang pagkaalipin;

PAGSASABUHAY: tinatawag ang tao na makiisa sa misyon ni Hesus sa paglaban at paglaya sa kahirapan; at

PAGSAMBA: ang Eukaristya ay pagdiriwang ng pasasalamat sa Ama at pakikiisa sa pag-ibig ni Kristo kasama ang Espiritu Santo na pinagmumulan ng lakas at pag-asa ng mga mahihirap.

G. Saklaw at Hangganan

Ang materyal na ito ay sumasaklaw lamang sa tunay na kahulugan ng pagparito ni Kristo sa konteksto ng Kapaskuhan batay sa Banal na Kasulatan:

Isaias 61: 1- 3; Lucas 4: 18 – 19, *“Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasaakin, sapagkat hinirang niya ako upang ipangaral sa mga mahihirap ang Magandang Balita. Isinugo niya ako upang ipahayag sa mga bilanggo na sila’y lalaya, at sa mga bulag na sila’y makakita. Isinugo ako upang palayain ang mga inaapi, at upang ipahayag na darating na ang panahon, ng pagliligtas ng Panginoon”.*

Juan 10: 10 – *“Naparito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, ng isang buhay na masagana at ganap.”*

Bibigyang-tuon nito ang pagtatatag ng Kaharian ng Diyos dito sa lupa (KPK 747 – 749) sa pamamagitan ng pagpalaya sa kasalanan na siyang pinag-uugatan ng kahirapan (PCP II 288) para sa ikaluluwalhati ng Diyos. St Irenaeus. CCC n. 294, *“Ang luwalhati ng Diyos ay ang kaganapan ng buhay ng tao.”*

Ipauunawa ng materyal na ito na ang pagtatrabaho ay isa sa mga pamamaraan upang makibahagi sa misyon ni Kristo na pagbibigay ng kaganapan ng buhay. Ang kahulugan ng pagtatrabaho ay palalalimin bilang isang gawain na kapakipakinabang hindi lamang sa sarili kundi para na rin sa komunidad na kinabibilangan nito.

Ang trabaho ay nakabubuti sa tao – nakabubuti sa sangkatauhan – dahil sa pamamagitan ng pagtatrabaho, hindi lang napagbabago nito ang kapaligaran, natutugunan ang kanyang mga pangangailangan, bagkus nakakamtan niya ang kaganapan bilang tao at samakatuwid siya’y “mas nagiging tao”.

-Juan Paolo PP. II, Laborem Exercens 18

Sa kontekstong ito, hihikayatin ang mga makikilahok na isapuso ang mga kaugaliang Pilipino gaya ng bayanihan, pagsusumikap at paglinang ng sariling kakayahan (KPK 34 – 52), ayon sa mensahe ng “Ang Talinghaga ng Salaping Ginto” (Lucas 19:11-27) at pagbibigay halaga sa pagbabahaginan bilang gawaing pampamayanan sapagkat “walang mahirap na hindi makakapagbigay, walang mayaman na hindi makakatanggap.” (PCP II 98)

Ang Eukaristiya ang magsisilbing tanda ng pagkakaisa at bigkis ng pag-ibig ng bawat isa upang maisakatuparan ang mga adhikaing ito (KPK 1704).

Bagama’t ang diin ng materyal ang dahilan ng pagparito ni Hesus at ang kanyang misyon, hindi nito saklaw ang pagtatalakay ng pagliligtas ni Hesus sa atin sa pamamagitan ng kanyang pagkamatay sa krus at pagkabuhay muli.

H. Kahalagahan ng Materyal

Obhetong Kahalagahan

Bilang isang bansang itinuturing na kabilang sa ikatlong mundo, ang Pilipinas ay patuloy na nakakaranas ng malawakang kahirapan sa iba’t ibang dako ng bansa. Sa katunayan ayon sa pinakabagong pagtatala ng Social Weather Stations para sa unang kwarter ngayong taon, limampu’t limang bahagdan (55%) ng mga Pilipinong mag-anak ay itinuturing ang kanilang sarili na napapabilang sa mababang antas ng kahirapan (*below poverty line*) at inaasahang patuloy itong tataas sa mga susunod na taon.

Maraming pag-aaral ang ginagawa ng ilang samahan upang matugunan ang patuloy na paghihirap ng mga Pilipino sa kabila ng mga programa ng pamahalaan at pag-iibayo ng mga Non-Government Organizations (NGO's). Isinasaad sa Katesismo para sa Pilipinong Katoliko *“na hindi tayo lubos na maliligtas ng anumang programang pang-ekonomiya o kaya’y ng naiibang pamamaraang pampulitika. Tanging sa pagtugon sa abot ng ating makakaya, sa biyaya ni Kristong ating Panginoon lamang tayo maililigtas ng lahat ng ating mga pagkilos na pang-ekonomiya, panlipunan at pampulitika”* (KPK 387).

Napapanahon ang katekesis na ito upang mas maipaunawa ang kahalagahan ng pagparito ni Kristo dito sa lupa para sa kaligtasan ng lahat. Naisakatuparan Niya ito sa pamamagitan ng kanyang mga turo at pamumuhay. Sa pagpapaunawang gagawin, matutulungan tayong manalig at umasa kay Kristo dahil siya ay naging kaisa at patuloy na nakikiisa sa atin. Subalit ang pakikiisa Niya sa atin ay hindi nangangahulugan ng tuwiran at biglaang pagliligtas sa kahirapan bagkus, ipinakita niya sa atin ang kahalagahan ng ating sariling pagsisikap at pagtutulungan upang matamo ang kaganapan ng buhay dito sa lupa.

Suhetong Kahalagahan

Ang mga makikilahok ay magkakaroon ng mas malalim na pang-unawa sa tunay na kahulugan ng pagparito ni Hesus na magdadala sa kanila na makibahagi sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos dito sa lupa anuman ang kanilang kalagayan sa buhay. Dahil dito, mauunawaan din nila na hindi kagustuhan ng Diyos ang paghihirap ng tao sa lupa bagkus inaanyayahan sila na makita ang kanilang kalagayan bilang hamon na magsumikap, magtiyaga, magbahaginan, at magtulungan na

may pananampalataya, pag-asa at pag-ibig sa Diyos upang matamo ang kaganapan ng buhay.

I. Pamamaraan

Sa kadahilanang ang mga makikilahok ay magmumula sa mga pamilyang naghihirap, gagamitin sa materyal na ito ang kulturang Pilipino (pagsasakultura) gamit ang KPK 34-52, at teolohiyang pagpapalalaya mula sa Banal na Kasulatan Isaiyah 61: 1-3 at Lucas 4:18-19 at mga turo ng simbahan mula sa PCP II 98 at Laborem Exercens 18.

II. NILALAMAN NG KATESISMO

A. Kalagayan

Sa panahon ng Kapaskuhan, maraming mga indibidwal o grupo ang nagbibigay ng mga pamaskong handog sa pamamagitan ng “feeding program”, “medical missions” at “gift-giving”. Ang mga ito ay nagiging magandang pagkakataon para sa mga mahihirap na maramdaman ang kaunting kaginhawahan sa kanilang buhay. Subalit karamihan sa kanila ay nagkakaroon ng maling pananaw tungkol sa kanilang kalagayan. May iilan na ang tingin sa kanilang kalagayaan ay madaling paraan upang kumita ng pera. Ito din minsan ang nagiging dahilan upang hindi magsumikap na mapaunlad ang kanilang pamumuhay at umasa na lamang sa tulong ng iba. Ang iba nama’y nakasanayan na ang kanilang kalagayan at naniniwalang ito ang magdadala sa kaginhawahan sa kabilang buhay. Karagdagan pa nito’y namamayani sa ilan ang pag-uugaling “bahala na”, “mañana habit”, “isip talangka, at “ningas-kogon.”

B. Paglalahad

1. Panimulang Gawain

a. Pambungad na Panalangin:

*Amang Mapagkalinga at Mapagpalaya,
Pinupuri at pinsasalamatan ka namin sa dakilang araw na ito. Habang ginugunita naming ang kapanganakan ng Iyong anak na si Hesus, Nawa'y madama namin ang kagalakan at pag-asa na dulot ng Kanyang pagparito.*

Bigyan Mo po kami ng lakas at sigla na maisabuhay ito at maibahagi sa aming kapwa saan man kami naroroon.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ng Iyong Anak na si Hesus kasama ng Espiritu Santo sa patnubay ng aming Inang si Maria magpasawalang hanggan. Amen.

b. Pampasiglang Awit: "Ako ay Masaya Kapagkasama Ka..."

c. Pagganyak

- ❖ Pakikinig sa audio clip: Love Radio, "Ano ang gusto mo maging paglaki mo?"
 - Kukunin ang kanilang reaksiyon mula sa kanilang narinig.
- ❖ Pagbabahaginan:
 - Hahatiin ang grupo sa sampu. Bawat grupo ay may limang miyembro at pag-uusapan ang mga sumusunod na punto:
 - kanilang kasalukayang karanasan sa buhay
 - mga hangarain sa panahon ng kapaskuhan
 - mga pamamaraan upang makamit ang mga hangaring nabanggit

- ❖ Bibigyang diin na tuwing Pasko, ipinagdiriwang natin ang pagparito ni Hesus sa lupa sa pamamagitan ng kanyang kapanganakan. Sa pagdiriwang na ito, marami tayong mga adhikain na nais matamo lalung-lalo na ang hangarin natin na mapaunlad ang ating kalagayan sa buhay. Subalit alam natin na ang pagkamit sa mga hangaring ito ay hindi madali sapagkat kinakailangan ang ibayong pagsusumikap. Ang pag-asa sa kapwa ay hindi masama subalit tinatawagan tayo na makibahagi sa ating sariling pamamaraan upang mapaunlad hindi lamang ang ating mga sarili kundi makatulong din sa pag-angat ng ating bayan.

- ❖ Magtatanong, "Ano sa palagay ninyo ang dahilan ng pagparito ni Hesus sa lupa?"

- ❖ Pag-ugnayin ang kanilang mga kasagutan sa ebanghelyong babasahin (Lucas 4:14-19)

2. Paglalahad

- Ang mga makikilahok ay aanyayahan na tumayo habang babasahin ng Katekista ang Ebanghelyo, "Ang Simula ng Misyong ni Hesus sa Galilea" Lucas 4:14-19.
- Pagtatalakay ng mensahe ng ebanghelyo.

Sa Lumang Tipan ipinahayag ni Isaias sa kanyang propesiya na isusugo ng Diyos ang kanyang Anak upang magbigay ng kaganapan ng buhay ng tao dito sa lupa at naging ganap ito sa katauhan ni Hesus (Isaias 61: 1- 3; Lucas 4: 18 - 19; Juan 10:10). Hindi ninanais ni Hesus na makita ang tao na naghihirap, nasasaktan o nagdurusa bagkus hangad

niya ang kaligayahan ng bawat isa na may pananampalataya, pag-asa at pag-ibig sa Diyos. Kung ganoon, ipinapaunawa sa atin na si Hesus ay ating kakampi sa ating minimithing kaginhawan dito sa lupa. Sa kanya tayo kukuha ng lakas at pag-asa upang malabanan ang anumang sitwasyon na magiging hadlang upang matamo natin ang ating mga mithiin.

3. Pagsasanib

- Kung si Hesus ay naparito upang ating maging kakampi, lakas at pag-asa para magkaroon tayo ng kaganapan ng buhay dito sa lupa, ano naman kaya ang panawagan niya sa atin?

Si Hesus na Anak ng Diyos ay naging tao, katulad natin sa lahat ng bagay maliban sa kasalanan upang ayusin ang buhay ng tao dito sa lupa (GS 22) para sa luwalhati ng Ama (*St. Irenaeus, CCC 294*). Sa kanyang pamumuhay, ipanikita niya sa atin kung paano ang mabuhay na ganap ayon sa kalooban ng Diyos. Sa ebanghelyo ni San Lucas, isinasaad na si Hesus ay naparito upang palayain ang tao sa anumang uri ng kahirapan. Sabi nga niyan sa Bibliya, “Huwag tayong mangamba” (Isaiah 43) pagka’t sa kalagitnaan ng ating paghihirap si Hesus ay nandiyan. Siya na ating kakampi, lakas at pag-asa upang maiahon tayo sa anumang nagpapaalipin sa atin. Subalit kaakibat ng misyong ito ni Hesus ay pagpapalaya sa kasalanan na siyang ugat ng lahat ng pagkaalipin pampersonal man o pangsosyal. (PCP II 53-54)

Ang pagliligtas ni Hesus sa atin mula sa kahirapan ay hindi maisasakatuparan kung hindi tayo makikibahagi sa Kanyang misyon. Kinakailangan ang ating aktibong partisipasyon sa mga biyayang ibinibigay ng ating Panginoon. Ang pagsunod sa Kanyang mga turo at pagsusumikap gamit ang mga angking kakayahang bigay ng Maykapal

ay mabisang paraan upang makiisa tayo kay Hesus sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos dito sa lupa. Gaya ng sa “Talinghaga ng Salaping Ginto” (Lucas 19:11-27), inaanyayahan tayo na pagyamanin ang mga biyayang ipinagkaloob sa atin ng maykapal ng may buong pagsisikap.

Bilang mga Pilipino, tumutugon tayo sa panawagang ito sa pamamagitan ng ating mayamang kultura at kaugalian tulad ng bayanihan, pagiging maka-Diyos, pagmamahal sa pamilya, magiliw na pagtanggap sa mga panauhin at pagiging masayahin (*KPK 34 – 43*). Sa kabilang banda, ang Pilipinas ay nakararanas ng malawakang paghihirap dala ng hindi makatarungang sistema sa lipunan at mga negatibong katangian tulad ng “mañana habit”, “isip talangka”, “bahala na” at “ningas cogon”. Ang paghihirap na ito ay nagdadala sa maling pananaw ng ilang mahihirap na ito ang madaling paraan upang kumita ng pera at higit pa dito, iniisip na ayos lang na sila’y naghihirap dito sa lupa sapagkat ito ang magiging susi upang makamantan ang kaluwalhatian sa langit.

Sa ganitong konteksto, pinapaunawa sa atin ng Simbahan napagtitibay ang dangal ng isang tao.

Ang trabaho ay nakabubuti sa tao – nakabubuti sa sangkatauhan – dahil sa pamamagitan ng pagtatrabaho, hindi lang napagbabago nito ang kapaligaran, natutugunan ang kanyang mga pangangailangan, bagkus nakakamtan niya ang kaganapan bilang tao at samakatuwid siya’y “mas nagiging tao”. -Juan Paolo PP. II, *Laborem Exercens* 18

Datapwa’t huwag natin kaliligtaan na sa ating paghahanap buhay mahalagang ating isapuso at isaalang-alang na ito ay ginagawa natin hindi lang para sa ating mga sarili kundi para din sa kapakanan ng buong sambayanan (*KPK 687*). Ugaliin natin na sa anumang mga

adhikain, tayo ay napapabilang sa isang bayan na inakay ng Poong Maykapal bilang mga anak niya at pinagbuklod ng Banal na Eukaristiya bilang tanda ng pagkakaisa at bigkis ng pag-ibig sa bawat isa (KPK 1704). Mayaman man o mahirap tayo ay may parehong panawagan na tumulong sa kapwa sapagkat “walang mahirap na hindi makakapagbigay at walang mayaman na hindi makakatanggap.” (PCP II 98)

C. Pangkatang Gawain

1. Gagamitin ang pagpapangkat na ginawa sa panimulang gawain.
2. Bawat pangkat ay bibigyan ng isang sitwasyon ng buhay at pag-uusapan ng bawat kasapi ang mga posibleng solusyon sa mga suliraning ibinigay ayon sa kanilang kakayahan.

Pangkat A at B – Ipagpalagay na kayo ay nahalal na punong-barangay sa inyong lugar. Hindi lingid sa inyo ang mga suliraning kinakaharap ng inyong pamayanan tulad ng pag-iinuman sa kalye, pagsusugal kahit ng mga kabataan, nakawan sa bawat isa, at malawakang pagkalat ng basura. Anong mga programa ang maaari mong ilunsad upang matugunan ang mga suliraning ito?

Pangkat C at D – Si Aling Ynes ay may anak na pinag-aral hanggang kolehiyo. Subalit ng makatapos, ang anak niya ay hindi naghanap ng trabaho sa halip ay ginugugol ang kanyang oras sa pagsusugal, pag-iinom at iba pang bisyo. Kung kayo si Aling Ynes, ano ang gagawin ninyo sa inyong anak?

Pangkat E at F – Ang inyong lokal na pamahalaan ay mayroong programang pangkabuhayan upang makatulong sa pagtugon sa pangangailan ng bawat pamilya. Ilan kayo sa mga binigyan ng

pagkakataon upang magkaroon ng pangkabuhayan na may puhunan sa halagang P5,000.00. Ano ang gagawin ninyo sa halagang ito?

Pangkat G at H – Taun-taon ay nagdiriwang kayo ng pista bilang pagbibigay-pugay sa patron ng inyong barangay. Mayroon kayong natitirang perang naipon subalit ito ay inilalaan ninyo sa mga gastusin sa bahay at pagpapaaral sa inyong mga anak. Inaasahan ninyong may darating kayong mga panauhin mula sa ibang lugar gaya ng kinaugalian. Ano ang maaari ninyong gawin upang maipagdiwang ng mas makabuluhan ang kapistahan sa inyong lugar nang hindi nasasakripisyo ang mahahalagang bagay?

Pangkat I at J – Ang inyong lugar ay laging napipiling “beneficiary” ng mga pangsibikong gawain tulad ng “gift-giving”, “medical missions” at “feeding program” na ibinigay ng iba’t ibang indibidwal at NGO’s. Paano ninyo mapapahalagahan ang kabutihang ipinamamalas ng mga taong ito sa inyo?

3. Pagtatalakay sa mga kasagutan ng bawat pangkat.

D. Pagbubuod

1. Ituturo ang awit, “Sumasaakin ang Espiritu”.
2. Babasahin ng lahat ang isinakulturang “Credo” na ipapakita sa pamamagitan ng power point presentation at susundan ito ng pag-awit ng itinurong awitin, “Sumasaakin ang Espiritu”.

Sumasampalataya ako sa Diyos Amang Makapngyarihan na pinagmumulan ng lahat ng buhay at pag-asa.

Siya ang Diyos ng katarungan na maaawaing lubos sa mga nagdurusa at nagpapalaya sa mga naaapi.

Sumasampalataya ako kay Hesu-Kristo, Diyos na totoo at Taong totoo, na sinugo ng Ama sa pamamagitan ni Inang Maria sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Siya na namuhay kaisa natin dala ang Mabuting Balita, pagpapalaya sa mga naaapi at nagdurusa.

Ipinamalas sa atin ang Kaharian ng Diyos dito sa lupa, sa pagpapakain sa nagugutom, pagpapainom sa mga nauuhaw, sa pagkukup sa mga nangangailangan at pagkalinga sa mga kinalimutan ng lipunan.¹

Sa kanyang kamatayan sa krus tunay akong nailigtas sa aking pagkakasala at sa kanyang muling pagkabuhay, naging ganap ang aking pag-asa na ako ay magkakaroon ng panibagong buhay.

Naniniwala ako na patuloy ko Siyang kasama at kakampi sa pakikibaka sa pagkaalipin upang matamo ang kaganapan ng buhay dito sa lupa.

Sumasampalataya ako sa Pag-ibig ng Diyos Ama't Anak, ang Banal na Espiritu na nagbibigay sa akin ng lakas at pag-asa.

Siya na nagbibigay-buhay sa Simbahang Katolika na patuloy na naglalakbay tungo sa isang mithiin ang kaganapan ng buhay sa lahat ng panahon.

Amen.

E. Pagsamba

Tatapusin ang gawain sa pamamagitan ng Banal na Eukaristiya bilang tanda nga pasasalamat at bigkis sa pag-ibig ng Diyos at bawat isa (KPK 1704). Sa homiliya ng pari lalong pagtitibayin ang kahalagahan ng pagkakaisa ng Diyos at tao sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya bilang pinagkukunan ng lakas at sigla ng bawat mananampalataya.

F. Pagbibigay ng Pamaskong Handog at Salu-Salo

Magbibigay ng mga pamaskong handog at simpleng salu-salo sa mga nakilahok sa katekesis na inambag at inihanda ng mga mag-aaral at iba pang kawani ng paaralan.

III. MUNGKAHING ISKEDYUL NG MGA GAWAIN

1:30 pm – Pagpapatala ng mga Makikilahok

2:00 pm – Pagbibigay Katekesis

3:00 pm – Pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya

4:00 pm – Pagbibigay ng mga Pamaskong Handog at Salu-salo

5:00 pm – Uwian

Ang kateketikal-materyal na ito ay inihanda nina:

**Luzon, Sr. Rosalina
San Vicente, Jasmin O.
Pariñas, Rosana
Penuela, Mary Margaret**

Sa patnubay nina:

**Dr. Raymond B. Aguas
Ms. Rachel Joyce Marie O. Sanchez**

¹ Habana at Lareza: *Isinakulturang Pananampalataya*, Abril 2012.